REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

***Tanggapan ng Kalihim***
***Office of the Secretary***

Internet address: http://www.deped.gov.ph
E-mail: rroco@starnet.net.ph • roco@deped.gov.ph
Telephone no.: 633.7208 • Fax no.: 636.4876

**DEC 04 2001**

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 322 , s. 2001

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO

Sa mga: **Direktor ng Rehiyon**
Tagapamahala ng mga Paaralan

1. Ang Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino (PSWF, R-CARAGA) sa rehiyong CARAGA na nakabase sa Northern Mindanao State Institute of Science and Technology (NORMISIST), Ampayon, Lungsod ng Butuan ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino sa Social Hall ng Northern Mindanao College of Arts and Trades (NMCAST) campus ng NORMISIST, Agusan del Norte sa Disyembre 11-13, 2001.

2. Ang paksa ng seminar-worksyap ay "Ang Wikang Filipino sa Pagtuturo at Korespondensya". Layunin nito ang mga sumusunod:

a) matugunan ang pangangailangan ng mga guro sa Filipino sa CARAGA rehiyon upang maging epektibo ang kanilang pagtuturo;
b) magkaroon ng pagkakataong makadalo ng pambansang seminar-worksyap sa Filipino ang mga nagtuturo at mag-aaral ng Filipino sa rehiyon;
c) at higit sa lahat, pagbibigay halaga ng KWF sa mga suliraning pangwika ng mga taga-rehiyong CARAGA.

3. Manggagaling sa pondong lokal sa pasubaling may nakalaang pondo at sasailalim ng kaukulang pagtutuos at pag-aawdit ang ibabayad ng bawat kinatawan na Isanlibo at Dalawang Daang Piso (P1,200.00) para sa rehistrasyon, mga handawts, bag, at pagkain (tatlong tanghalian, limang miryenda). Manggagaling sa pondong lokal ang halagang magugugol para sa tirahan, at transportasyon papunta sa pagdarausan ng seminar-worksyap at pabalik sa sariling rehiyon, dibisyon o paaralan. Ang Tanggapang Panrehiyon ang siyang magpapasiya sa bilang ng kalahok na bibigyan ng "official business" sang-ayon sa nakalaang pondo at iskedyul ng klase.

4. Para sa iba pang impormasyon kaugnay nito maaaring tumawag kina: Bing Funcion, NORMISIST, telepono blg. (109) 342-30-47, Dr. Natividad R. Mamaoag, NMCAST, telepono blg. (109) 343-10-20 at Sandor B. Abad, KWF, telepono blg. (02) 736-38-30/31.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

DepEd-RSR 0000093 4/3
RAUL S. ROCO
Kalihim

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u>
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Lawak ng Pagkatuto (Learning Area), FILIPINO
SEMINARS
WORKSHOPS